**S.Y. 2022-2023**
**Unang Lagumang Pagsusulit**
**Filipino 6**

I. Basahin ang maikling Kuwento at Sagutan ang mga tanong sa ibaba.

**Si Wako ang Matalinong Kuwago**

Si Wako ay isang kuwago.Kakaiba siya sa lahat ng kuwago . Siya ay mahilig magbasa at magsulat. Hindi siya tulad ng ibang kuwago na tulog ng tulog.Lahat ng aklat ay binabasa ni Wako. Isang araw, nagpulong ang lahat ng mga kuwago upang parusahan si Wako. Ngunit ipinaliwanag ni Wako ang kahalagahan ng pagbabasa at ng pagiging marunong magsulat.

Sinubukan ni Wako na magkuwento. Nagulat ang matandang kuwago sa galing ni Wako. Lahat ng mga kuwago ay tuwang -tuwa na nakinig sa kaniya. Tinuruan sila ni Wako na magbasa at magsulat ng bilang.

Magmula noon ay nagbago ang buhay ng mga kuwago. Hindi na sila tulog nang tulog . Sila ay nahilig sa pagbabasa at pagsusulat. Naging modelo para sa kanila si Wako

1. Tungkol saan ang kuwento?

2. Sino ang pangunahing karakter sa kuwento?

3. Ano ang hilig ni Wako?

4. Paano ipinakita ni Wako ang kanyang kakayahan?

5. Sa inyong palagay, bakit mahalaga sa atin ang pag-aaral?

II.Panuto: Piliin ang katumbas na Kahulugan ng Salitang may salungguhit.

**Kakampi , susi , huwaran** 6. Si Carlo ang nagging modelo ng kanilang paaralan bilang mahusay na mag-aaral.

**galit, matinding kalungkutan, kagalakan** 7. Ang pamilya Castro ay nagdadalamhati sa pagpanaw ng kanilang Lolo Kaloy.

**Pagpapanatili, pagbabalik, pagkawala** 8. Siya ang nanguna sa pagpapanumbalik ng kagandahan ng parke sa kanilang barangay.



LIVEWORKSHEETS

**nagparami, nagbenta, nagdilig** 9.Ang Tiya Celia ay likas na mahilig sa pagtatanim ng halaman,napalago niya ang mga bulaklak sa hardin.

**Proyekto, kontribusyon ,gamit** 10.Malaki ang ambag ng mga magsasaka sa produksiyon ng bigas sa ating bansa.

III. A. Basahin ang Pangungusap.Kilalanin ang pangngalan sa bawat bilang at ilagay sa loob ng kahon at tukuyin kung anong uri ito ng pangngalan.

11. Ang mga bumbero sa ating bayan ay patunay na kahanga-hanga.

12. Sa Wildlife Park gaganapin ang pagtitipon ng mga guro ngayong sabado.

13. Ang parke ay punong puno ng mga halaman.

B. Tukuyin ang pangngalang pambalana na may salungguhit sa Pangungusap. Piliin ang **K** kung kongkreto ang pangngalan at **DK** kung di-kongkreto.

**K** **DK** 14 . Mauubos ang pasensiya ng mga drayber sa haba at bagal ng trapiko .

**K** **DK** 15. Nakakabahala ang mabilisang pagtaas ng bawat bilihin sa pamilihan.

**K** **DK** 16. Tuluyan ng nagsara ang mga tindahan ng mga paputok sa Bulacan.

IV. Tukuyin ang kayarian ng pangngalan. Itype-in sa loob ng kahon ang titik ng tamang sagot.

| | |
|---|---|
| **P-**Payak | **I**-Inuulit |
| **M-**Maylapi | **D**-Tambalan |

_________17. Balikbayan

_________18. usap-usapan

_________19. Paaralan

_________19. nanay

_________20. Kanang-kamay

V. Tukuyin ang gamit ng pangngalang nakasalungguhit sa Pangungusap.

21.Ang mag-anak ay tulong-tulong sa paglilinis ng bakuran.

22. Si Rob ay mahilig mangolekta ng bakal at dyaryo.

23. Bata, pakitapon mo nga ang balat ng kendi sa basurahan.

24. Si Kapitan Alano, ang punong barangay , ay nanguna sa paglilinis ng estero.

25. Kaibigan, isa kang alamat.

Inihanda ni: Teacher Lai



LIVEWORKSHEETS